# 2024 Worldwide Crusade in Honour of the Immaculate Heart of Mary

**Pandaigdigang Kilusan sa Karangalan ng Kalinis-linisang Puso ni Maria upang hilingin ang pamamasok ng Diyos sa krisis ng Simbahan**

Sa Fatima, ibinigay sa atin ng Mahal na Birhen ang pagdarasal ng Banal na Rosaryo at pagsasagawa ng Limang Unang Sabado, isang mabisang paraang pangkaluluwa upang matamo ang mga natatanging tulong mula sa Diyos.

Ang gawaing Limang Unang Sabado ay binubuo ng mga sumusunod: sa unang Sabado ng limang magkakasunod na buwan, upang tumanggap ng sakramento ng Kumpisal at Banal na Komunyon, dasalin ang Rosaryo, at magnilay ng labinlimang minuto sa hindi bababa sa isa sa labinlimang misteryo ng Rosaryo, na may layuning gumawa ng kabayaran para sa mga kasalanan laban sa Kalinis-linisang Puso ni Maria.

Sa harap ng matinding krisis ngayon sa Simbahang Katoliko, ang Samahan ng Mahal na Birhen ng Fatima ay naglulunsad ng isang pandaigdigang kilusang pangkaluluwa na binubuo ng pagdalangin ng Banal na Rosaryo araw-araw at pagsasagawa ng Limang Unang Sabado, upang ipagsumamo, sa pamamagitan ng Kalinislinisang Puso ni Maria, ang tulong at pamamasok ng Diyos, higit para sa Santa Sede sa Roma.

Ang kilusang pangkaluluwa na ito ay magsisimula sa unang Sabado ng Enero 2024 (Enero 6) at magtatapos sa unang Sabado ng Disyembre 2024 (Disyembre 7).

Ika-8 ng Disyembre, 2023, Kapistahan ng Kalinis-linisang Paglilihi ng Mahal na Birheng Maria

Christopher P. Wendt, Tagapamahalang Pandaigdig ng Samahan ng Mahal na Birhen ng Fatima

+Athanasius Schneider, Katulong Pangkaluluwa ng Samahan ng Mahal na Birhen ng Fatima, Katulong na Obispo ng Arkdyosis ng Sta. Maria sa Astana